KRITIKE VOLUME NINETEEN NUMBER THREE (JANUARY 2026) 77-93

Article

# Tungkol sa Intelektwalismo at Demokrasya: Isang Alternatibong Pagbása sa Pilosopiya ni Edith Stein

***Jovito V. Cariño***

**Abstract:** Immanuel Kant's *What is Enlightenment?* is well known for its challenge to the reading public to dare to think. Contrary to Kant's expectations, however, the same intellectual autonomy he advocated would itself become a contributing factor to the crisis of intellectualism which plagues democracy today. Once detached from its moorings in the dynamics of community life and reduced to mere expression of individual preference, thinking on one's own could, in the long run, turn against itself and unwittingly sow the seeds of thoughtlessness. The contemporary phenomenon of populism has these pathological features. In a way, populism may be traced to the culture of liberalism espoused by Kant and Enlightenment with their insistence on thinking as a fundamentally individual undertaking. When members of a society recognize no other norm for thinking except their particular whims or biases, the result is a populist environment with its attendant malaise, that is, anti-intellectualism or the failure of an individual to reckon the larger context of thinking practice. This paper addresses this problem via Edith Stein's theory of empathy. It argues that empathy could provide an alternative paradigm for thinking which could mitigate the problem of anti-intellectualism in contemporary democracy.

**Keywords:** Stein, anti-intellectualism, democracy, populism

Dalawang urì ng repleksyon ang inihahain ng papel na ito. Una, ang politikal na repleksyon sa pilosopiya ni Edith Stein kaugnay ng intelektwalismo; pangalawa, ang pilosopikal na repleksyon sa kasalukuyang politikal na kalagayan ng bansâ gamit ang ilang ideya ni Stein. Magsisimulâ ang repleksyong ito sa palagay na bagaman malaki ang naging ambag sa modernang politika ng Ilustrasyon na itinampok ni Immanuel Kant, may kinalaman din ito sa pag-usbong ng mga patolohiyang patuloy na nagpapahinà dito. Isa sa patolohiyaang bibigyan ko ng pansin ay walâng iba

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

kundî ang penomenon ng anti-intelektwalismo. Tinutukoy ko sa salitâng "anti-intelektwalismo" ang lumulubhâng pagbabâ, kung hindî man tuloyang pagkawalâ ng makabulohang pampublikong diskurso sa pagitan ng mga pangunahing ahente ng politika, ang mga mamamayan. Sa kanyang panahon, sinubokang tugonan ni Kant ang problema ng anti-intelektwalismo sa pamamagitan ng kanyang panawagan na "mangahas mag-isip" na mababása sa sanaysay na *What is Enlightenment?*[1] Itinuturing ang nasabing sanaysay bílang manifesto para sa indibidwal na kalayàan ng tao na siyang sentro ng modernong politika at modernong etika na kinakatawan ng terminong "liberalismo." Liberalismo ang naging marka ng kanluraning politika mulâ ikalabingwalong siglo hanggang sa kasalukuyan. Liberalismo rin ang tinitingnang dinamo ng sistemang politikal na kilala natin sa tawag na "demokrasya." Dahil sa liberalismo, mas naitanyag ang kalayàan ng tao na magsalitâ sampû ng iba pang mga karapatang pantao, partikular ang karapatan na pumilì at maghalal ng mga mamumunò sa gobyerno. Unang pumasok ang ideyolohiya ng liberalismo sa bansâ noong ikalabingsiyam na siglo sa pamamagitan ng mga sulatin ng mga tagapagsulong ng Ilustrasyon, ang mga ilustrado, sa pangunguna ni Jose Rizal.[2] Sa mga ilustrado, si Rizal ang masasabing may pinakamalinaw at pinakamalapít na kaugnayan sa intelektwal na kultura ng mga Aleman,[3] dahilan kung bakit sa kanyang pangalawang pagbalik sa bansâ, pinaghinalàan pa si Rizal ng mga frayle at gobyernong Kastilà na isang espiya ng Alemanya.[4] Gayonman, sa kabilâ ng pagsisikap ni Rizal, hindî nagbunga ang politika ng liberalismo na kanyang ikinampanya. Mababása kay Hegel ang paliwanag kung bakit. Ayon sa kanyang akdâng *Outlines of the Philosophy of Right*, tunay na magiging malayà raw ang isang indibidwal sa loob lámang ng isang matatag na estado.[5] Ang

---

[1] Immanuel Kant, *What is Enlightenment?*, trans. by Ted Humphrey (Indianapolis: Hackett Publishing, 1992), <https://www.nypl.org/sites/default/files/kant_whatis enlightenment.pdf>.

[2] Tingnan Lisandro E. Claudio, *Jose Rizal: Liberalism and the Paradox of Coloniality* (Switzerland: Palgrave Macmillan, 2019).

[3] Itinuturing ni Rizal ang Aleman bilang "my scientific mother country." Tingnan Resil B. Mojares, "Jose Rizal and the Birth of the Social Sciences in the Philippines," in *Budhi: A Journal of Ideas and Culture*, 16:2, (2012), 30–41. Tingnan din Ramon Guillermo, *Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal's Guillermo Tell* (Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press, 2009); Nathaniel Parker Weston, *Specters of Germany: Colonial Rivalry and Scholarship in the Philippine Reform Movement and Revolution* (Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press, 2021), 157–190.

[4] Jose Rizal, "Rizal's Letter to Blumentritt (54), Calamba, 5 September 1887," sa *The Rizal-Blumentritt Correspondence, Volume I* (Manila: National Historical Institute, 1992), 135–136. Tingnan din Bryan Anthony C. Paraiso, "Jose Rizal, suspected spy, deciphered,' in *Philippine Daily Inquirer* (22 May 2011), <https://newsinfo.inquirer.net/7951/jose-rizal-suspected-spy-deciphered>.

[5] G.W.F. Hegel, *Outlines of the Philosophy of Right*, trans. by T.M. Knox (Oxford, UK: Oxford University Press, 2008), 235–236.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

problema natin sa Pilipinas, mulâ nang dumating ang modernong politika sa bansâ noong ikalabingsiyam ng siglo hanggang sa kasalukuyan, hindî pa natin nasasaksihan o nararanasan kung paano magkaroon ng isang tunay na estado, ibig sabihin, isang estado na matatag at tunay na may soberenya.[6] Nakarating nga sa atin ang modernong politika ng Ilustrasyon ngunit ang ating mismong politikal na kamalayan ay nanatilìng nakakulong sa mga bakod ng kanya-kanyang barangay, tribo, angkan at rehiyon. Kasaysayan na ang nagpatunay sa atin na ang liberalismong hindî nakaangkla sa isang matibay na estado ay nagiging punlâan lámang ng populismo.[7] Ang populismo ay hindî pruweba ng demokrasya kundî patolohiya ng demokrasya at ang lunas dito, gaya ng ipinapanukalà nitong papel, ay hindî radikalisasyon ng demokrasya kundî radikalisasyon ng mismong politika. Pinilì kong sipatin ang isa sa pinakamalinaw na manipestasyon ng patolohikal na demokrasya, ang anti-intelektwalismo, upang gamiting batayan ng sinasabi kong radikalisasyon ng politika. Kung ang anti-intelektwalismo ay pagbabâ o pagkawalâ ng makabulohang diskurso sa arenang politikal, ito naman ang inaadhikà kong pasiglahin sa pamamagitan ng sinasabi kong radikalisasyon ng politika na hahalawin ko sa pilosopiya ni Edith Stein. Ihahain ko ang panukalàng ito sa tatlong hakbang: una, babalikan ko ang liberalismo bílang isang politikal at pilosopikal na problema sa loob mismo ng tradisyon ng Ilustrasyon; pangalawa, ihahayag ko ang politikal na kaisipan ni Stein bílang pangsagot sa problema ng liberalismo, partikular sa aspekto ng anti-intelektwalismo; pangatlo, gagamitin ko ang pilosopiya ni Stein sa isang pilosopikal na repleksyon sa kalagayang politikal ng bansâ at sa paglalatag ng alternatibong interbensyon sa mga patolohiya ng ating domestikong politika.

## Si Kant, Liberalismo at Intelektwalismo

Nabanggit ko si Kant at ang halaga ng kanyang sanaysay na *What is Enlightenment?* sa pagpupunlâ ng kultura ng intelektwalismo at politika ng liberalismo. Pinangarap ni Kant na mangahas mag-isip ang tao nang mag-isa at hindî na umasa sa tradisyon at mga institusyon; ang pangangahas na ito ang nakikita niyang susì ng isang awtentikong kalayàan.[8] Sa isang panahon

---

[6] Tingnan Alfred McCoy ed., *An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines* (Wisconsin: The University of Wisconsin Press, 2009); Patricio N. Abinales and Donna J. Amoroso, *State and Society in the Philippines* (Oxford, UL: Rowman and Littlefield, Inc., 2005); Philip Bowring, *The Making of the Modern Philippines: Pieces of a Jigsaw State* (London: Bloomsbury Academic, 2022).

[7] Francisco A. Magno, "Contemporary Populism and Democratic Challenges in the Philippines," in Sook Jong Lee et al. eds., *Populism in Asian Democracies: Features, Structures, and Impacts* (Boston: Brill, 2020), 61–79.

[8] Kant, *What is Enlightenment?*, §§3–4.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

na ang indibidwal na pag-iisip ay hindî normatibo o kayâ itinuturing ng mga may-kapangyarihan na isang urì ng pagsuway, masasabi na tunay na rebolusyonaro ang panukalà ni Kant. Ang pagtataguyod sa kakayanan ng indibidwal na tumindig at manindigan sa sariling paa, pati na ang maniwalà at sumunod sa sariling pasya ang siyang kinakatawan ng sanaysay ni Kant na *What is Enlightenment?* Ito rin ang primerong pamantayan ng liberalismo at kalakip nitong intelektwalismo. Sa kanilang batayan, ang lipunang binubuò ng mga mamamayang may kani-kanyang indibidwal na kalayàang mag-isip at humusga kung ano ang makabubuti sa kanila ay isang lipunang tunay na malayà. Ito ang pangunahing katangìan ng isang modernong liberal na demokrasya[9] na kinakatawan ng liberalismo at kalakip nitong intelektwalismo. Itinatampok ng liberalismo ang kalayàan ng tao bílang indibidwal; tumutukoy naman ang intelektwalismo sa kakayanan ng tao na mag-isip at magpasyang mag-isa.[10] Para sa mga tagatangkilik ng liberal na politika, parehong kailangan ang dalawa upang manatilìng masigla ang demokrasya. Gayonman, mahalagang sabihin na hindî mismong si Kant ang nagpasimulâ ng pagsusulong ng liberalismo at ang katuwang nitong intelektwalismo. Sa katunayan, isa lámang si Kant sa mahabàng hanay ng mga intelektwal at pilosoper na may pagkiling sa etikal, maging ontolohikal na prayoridad ng indibidwal. Kabílang sa pangkat na ito ang mga gaya nina Rogelio Bacon at Guillermo ng Ockham noong edad medya na siyang sinundan pagdating ng panahong moderna ng mga tulad nina Martin Luther at Juan Calvin. Si Luther, na isa ring Aleman, ay naniniwalà na ang relihiyon at pananampalatayà ay dapat maging indibidwal, gayon rin ang pagbása at interpretasyon ng mga turò ng Bibliya. Káya raw mangusap ng Diyos sa indibidwal na tao at káya rin nitong matutonan nang mag-isa kung ano ang inihahayag sa kanya ng Diyos sa Banal na Kasulatan. Para din kay Luther, sapat na ang Banal na Kasulatan para magbigay ng kaliwanagang hinahanap ng tao. Hindî na raw kailangan ang pamamagitan ng isang institusyon gaya ng simbahan o kayâ ng mga pastor o ministro para isiwalat sa tao ang mga katotohanang gagabay sa kanya.[11] Ibang-iba ito sa sinasabi ni San Agustin o ni Santo Tomas na ang pagkatuto, lalò na sa larang ng pananampalatayà, ay

---

[9] Tingnan John Rawls, *Political Liberalism* (New York: Columbia University Press, 1996), 29–35.

[10] Robert S. Taylor, "The Progress of Absolutism in Kant's Essay 'What Is Enlightenment?,'" in Elizabeth Ellis, *Kant's Political Theory: Intepretations and Applications* (Pennsylvania: The Pennsylvania State University Press, 2012), 137–140.

[11] Tingnan Martin Luther, *Treatise on Good Works* (1520), <https://www.gutenberg.org/files/418/418-h/418-h.htm#treatise>; tingnan din Richard Rex, "Martin Luther is the patron saint of individualism," in *The Spectator* (31 October 2017), <https://www.spectator.co.uk/article/martin-luther-is-the-patron-saint-of-individualism/>.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

nakakamit sa tulong ng iba.[12] Sa panig ni Luther, pribadong bagay ang relihiyon kayâ walâng ibang taong sangkot dito kundî ang indibidwal na sumasampalatayà. Mababakás ang simpatya ni Kant sa ganitong paniniwalà nang kanyang sabihin sa *What is Enlightenment*? na pribado ang relihiyon at hindî kagaya ng katwirang pampubliko.[13] Anomang pagpasyahan ng isang indibidwal tungkol sa kanyang relihiyon ay maituturing na pribadong rason at hindî mapanghihimasukan ng iba. Hindî ito pwedeng pagtalonan o kayâ salàin ng iba't ibang pananaw. Tangìng sa dominyo ng pampublikong katwiran maaarìng mangyaring ito.[14] Ang pampublikong katwiran ang pamantayan ng mga pagtatalo, argumento at diskurso ng mga táong may sapat na kalayàan at kakayanan na mag-isip mag-isa. Dalawang bagay ang kaagad mapapansin sa posisyon ni Kant: una, ang kanyang paghihiwalay sa relihiyon at pampublikong katwiran; at pangalawa, ang pagturing sa pagiisip bílang isang indibidwal na praktika. Sa unang tingin, mistulang magkaiba ang dalawa ngunit sa malapitang sipat, makikita na ang tíla magkahiwalay, sa katotohanan, ay dalawang pisngi ng iisang mukhâ ng liberalismo na pinapaboran ni Kant. Ang tao para kay Kant ay lagìng nag-iisa, sa pananampalatayà man o sa pangangatwiran. Isa siyang indibidwal na bagaman sumasamba sa Diyos ay dapat na magtaguyod ng pampublikong katwiran. Ang publiko na tinutukoy ni Kant sa sanaysay na *What is Enlightenment?* ay hindî pagtitipon ng mga indibidwal na nagkakaisa kundî mga indibidwal na dayohan sa isa't isa.

Mahalaga ang sinabi ni Kant tungkol sa indibidwal, sa relihiyon at sa pampublikong katwiran ngunit hindî siya lámang ang pilosoper na naghain ng pananaw tungkol sa ilustrasyon. Isa pang iskolar na Aleman, si Moses Mendelssohn, ang nagtangkâ ring sagotin ang kaparehong tanong na "What is Enlightenment?" bagaman may pagkakaiba ang tugon niya sa sagot na ibinigay ni Kant. Sa tingin ko, mas inklusibo ang perspektibo ni Mendelssohn dahil sa paggigiit niya na ang ilustrasyon ay tumutukoy sa iisang tadhanà ng tao. Sa halip tutokan ang tagisan ng pribado at pampublikong katwiran, tinukoy niya ang pangangailangan ng balanse sa pagitan ng pilosopiya at kultura alang-alang sa hinahanap na kaliwanagan ng tao.[15] Sa madalîng salitâ, hindî nakikita ni Mendelssohn ang relihiyon na sagabal sa pagtanglaw sa isip ng tao. Sinasangayonan ang pananaw na ito ng isa pang Alemang iskolar at kaibigan ni Mendelssohn na si Gotthold Ephraim Lessing. Sa

---

[12] Augustine, *De Doctrina Christiana*, trans. by R.P.H. Green (Oxford: Clarendon Press, 1995), 35–37; Thomas Aquinas, *De Veritate*, 11.1, <https://isidore.co/aquinas/QDdeVer11.htm#1>.

[13] Kant, *What is Enlightenment?*, §5.

[14] *Ibid.*

[15] Moses Mendelssohn, "On Enlightening the Mind," posted by James Schmidt (18 March 2014), <https://persistentenlightenment.com/2014/03/18/moses-mendelssohn-on-enlightening-the-mind/>.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

kanyang mga akdâ, partikular sa *The Education of the Human Race*, tinukoy ni Lessing ang papel ng kultura, pati ng relihiyon, sa posibilidad ng sama-samang pagkamulat ng tao sa iisang katotohanan na magbibigkis sa kanila.[16]

Sa kabilâ ng tinuran ni Mendelssohn at Lessing, higit pa ring mananaig sa isip ng marami ang pangalan at itinurò ni Kant, lalò na sa kanyang obrang *Critique of Pure Reason*. Masasabing ang aklat na ito ang rurok ng posisyon ni Kant tungkol sa paghiwalay sa tradisyon at pangangatwiran. Sa naturang akdâ, pinulàan ni Kant ang klasikal na tradisyon na nagsasabing may natura raw ang mga bagay at sa halip nito, itinanyag niya ang mismong isip ng tao bílang tagapaghayag ng kondisyon ng posibilidad ng "realidad." Hindî natura o esensya ang dapat alamin ng isip ayon kay Kant kundî ang mga sarili nitong kategorya na siyang tangìng may kakayanan na pangalanan ang karanasan ng tao.[17] Sadyâng walâ tayong alam o hindî natin malalaman kung ano talaga ang mga bagay na ating nakikita.[18] Ang kaalaman ay depende hindî sa kung ano ang mga bagay kundî kung ano ang tingin natin sa kanila.[19] Ang epistemolohikal na doktrinang ito (na posibleng tawagin na Kantyanong perspektibismo) ang magpapalawig sa prinsipyo ng liberalismo na inihayag ni Kant sa *What is Enlighhtenment?* Mapagpalayà ito sa simulâ ngunit sa katagalan ay pagmumulan ng isang seryosong krisis, hindî lámang sa pilosopiya, kundì pati na rin sa politika at demokrasya.

## Ang Bersyon ng Intelektwalismo ni Edith Stein

Inihayag sa katatapos lámang ang pagpapasinayà ni Kant ng intelektwalismo ng Ilustrasyon. Gaya ng nabanggit, kinakatawan ng intelektwalismong ito ang urì ng pag-iisip na una nang iminungkahi ni Kant sa sanaysay na *What is Enlightenment?* at mas pinalawig pa sa kanyang obra na *Critique of Pure Reason*. Pinapaboran ng ganitong tipo ng intelektwalismo ang pagiging-indibidwal ng pag-iisip at ang prayoridad ng kategorya ng indibidwal na katwiran. Tinatanggihan ni Kant ang pagturing sa natura; hindî raw kailanman malalaman ito. Higit pang pagtitibayin ang ideyang ito ng iba pang mga Alemang pilosoper gaya ni Friedrich Nietzsche[20] at Martin

---

[16] Gotthold Ephraim Lessing, "The education of the human race," in *Philosophical and Theological Writings*, ed. and trans. by H. B. Nisbet (Cambridge: Cambridge University Press, 2005), 217–240.

[17] Immanuel Kant, *Critique of Pure Reason*, ed. and trans. by Paul Guyer and Allen Wood (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2000), 400–403.

[18] *Ibid*., 407.

[19] *Ibid*., 414–415.

[20] Friedrich Nietzsche, *The Will to Power*, trans. by William Kaufmann and Richard Hollingdale (New York: Vintage Books, 1968), 272–276.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Heidegger[21] na tumatangkilik sa kaparehong prinsipyo sa kani-kanyang pilosopiya. Marami pang Alemang iskolar ang sumunod sa yapak at nagpalawig sa sinimulang intelektwalismo ni Kant[22] bagaman mayroon ding ilan na lumihis sa kanya. Ilan sa mga naglakas-loob na sumalungat kay Kant ay ang propesor na si Franz Brentano. Ayon kay Brentano, partikular sa kanyang *Psychology from an Empirical Standpoint*, ang mundo ay laging sangkot sa isip ng tao o ang isip ng tao sa mundo.[23] Karaniwang tinatawag ang likas na ugnayang ito na intensyonalidad.[24] Taliwas ito sa sinasabi ni Kant na nagsabing may hindî matatawid na pagitan ang mundo at isip kayâ walâng ibang posibleng maaabot ang isip ng tao kundî ang mga kategorya nito. Sa pamamagitan ng teorya ng intensyonalidad, pinanumbalik ni Brentano ang pagkilala sa dugtongan ng isip ng tao at mundo na nauna nang nilansag ni Kant. Naging daan ang teorya ng intensyonalidad, na hiniram ni Brentano kay Aristoteles, Aquino at iskolatisismo, upang mulîng mapanariwà ang pagtukoy sa ugnayan ng tao at mundo ng kontemporanyong pilosopiya.[25] Isa sa mga unang yumakap sa teoryang ito ang estudyante ni Brentano na si Edmund Husserl. Sa simula ng kanyang karera, pinagtuonan ng pansin ni Husserl ang higit pang pagpapalinaw sa ugnayan ng tao at mundo, ng suheto at obheto, at nanindigan siya na posible ang kaalaman dahil sa pagiging magkalakip ng dalawa. Sa inpluwensya ni Brentano, nahimok si Husserl na higit pang pag-aralan ang laman ng pag-iisip sa pamamagitan ng sistemang kritikal na tatawagin niyang penomenolohiya.[26] Makikita sa kanyang *Logical Investigations* ang pagsisikap ni Husserl na linawin ang kanyang pagunawà sa intensyonalidad pati na ang ugnayan nito sa lohika at lenggwahe.[27] Ngunit sa pagkalathalà noong 1913 ng *Ideas Pertaining to a Pure Phenomenology and to a Phenomenological Philosophy* o mas kilala sa mas maiksing, *Ideas*, napalitan na ang pokus ni Husserl sa intensyonalidad, ibig sabihin, sa ugnayan ng suheto at obheto, ng kanyang

---

[21] Martin Heidegger, *Being and Time*, trans. by John Macquarrie and Edward Robinson (Oxford: Blackwell, 2001), 32–33.

[22] Tingnan Anthony O'Hear ed., *German Philosophy since Kant* (Cambridge: Cambridge University Press, 1999); Frederick C. Beiser, *The Fate of Reason: German Philosophy from Kant to Fichte* (Massachusetts: Harvard University Press, 1993); Frederick C. Beiser, *The Genesis of Neo-Kantianism, 1796-1880* (Oxford: Oxford University Press, 2017).

[23] Franz Brentano, *Psychology from an Empirical Standpoint*, trans. by Linda L. McAlister et al. (London: Routledge, 2009), 119.

[24] Mahalagang sabihin na hindî ginamit ni Brentano ang mismong terminong intensyonalidad kundî ang mga kawangis nitong konsepto sa pagtalakay ng kanyang posisyong epistemolohikal. Tingnan *Ibid*., xvii.

[25] *Ibid*., xvii–xviii.

[26] Edmund Husserl, *The Idea of Phenomenology*, trans. by Lee Hardy (Boston: Kluwer Academic Publishers, 2010), 19.

[27] Edmund Husserl, *Logical Investigations*, trans. by J.N. Findlay (London: Routledge, 2001), 28–39.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

interes sa mismong suhetibong kamalayan o purong ego.[28] Kung dáting inakalà ni Husserl na lagìng kasangkot ng isip ng tao ang mundo, sa akdâng *Ideas* mas naniniwalà siya na ano mang kaalaman o karanasan sa mundo ay nakasalalay sa paglilinaw ng ideyang huhusgahan ng isip ng tao. Mas dapat, samakatuwid, unahing pag-aralan kung ano ang meron at kung ano ang káyang abotin ng isip. Sa maniobrang ito, hindî man niya inamin agad, mulîng ibinalik ni Husserl sa eksena si Kant.[29]

Ang pagbwelta ni Husserl kay Kant ang siyang dahilan ng pagkabigô at paglihis ng marami niyang estudyante sa kanyang transendental na penomenolohiya.[30] Sa halip na sundan ang direksyon ng kanilang maestro, nagpasya ang mga dismayadong estudyanteng ito na magkanya-kanya na lámang sa pagpapayabong ng penomenolohiya na una nilang natutonan sa kanya.[31] Isa sa mga estudyanteng humiwalay sa landasing transendental ni Husserl ay si Edith Stein.[32] Ang intelektwalismo samakatuwid na tinutukoy dito sa papel ay isang tugon ni Stein na maaarìng ipukol hindî lámang kay Kant kundî pati na rin sa pagkiling kay Kant ng kanyang maestrong si Husserl. Gayonman, bagaman lumihis, hindî masasabing ganap na humiwalay si Stein lalò pa't marami sa kanyang mga ideya ay hangò rin lámang sa kanyang dáting propesor.[33] Pangunahin sa mga minana ni Stein

---

[28] Edmund Husserl, *Ideas Pertaining to a Pure Phenomenology and to a Phenomenological Philosophy*, trans. by Richard Rojcewicz and Andre Schuwer (Boston: Kluwer Academic Publishers, 1989), 118–126.

[29] Roman Ingarden, *On the Motives which led Husserl to Transcendental Idealism*, trans. by Arnor P. Hannibalsson (The Hague: Martinus Nijhoff, 1975), 21.

[30] Tingnan Rodney K.B. Parker ed., *The Idealism-Realism Debate Among Edmund Husserl's Early Followers and Critics* (Switzerland: Springer, 2021).

[31] Tingnan Herbert Speigelberg, *The Phenomenological Movement: A Historical Introduction. Volume I (Second Edition)* (The Hague: Martinus Nijhoff, 1965), 218–227.

[32] Kumplikado ang pilosopikal na relasyon ni Stein kay Husserl. Sa unang banda, tutol siya sa transendentalismo ni Husserl ngunit sa isang banda, nanatilì siyang tapat sa metodikong paggamit ng penomonolohiyang natutonan niya kay Husserl. Tingnan Edith Stein, *On the Problem of Empathy*, trans. by Walraut Stein (Washington, D.C.: ICS Publications, 1989), 3–6; Edith Stein, *Philosophy of Psychology and the Humanities*, trans. by Mary Catherine Baseheart and Marianne Sawicki (Washington, D.C.: ICS Publications, 2000), 5–8.

[33] Nanatilìng malapit si Stein kay Husserl kahit nagbitiw siya sa pagiging sekretarya ng hulí at sa kalauna'y pumasok sa kumbento ng mga Carmelita kasunod ng kanyang konbersyon sa pananampalatayàng Katoliko. Patunay ng kanyang personal na debosyon kay Husserl ang akdâng, "Husserl and Aquinas: A Comparison," isang pagaaral tungkol sa posibilidad ng pagkakasundô ng penomenolohiya at Tomismo na isinulat ni Stein para kay Husserl sa okasyon ng ikapitumpông kaarawan nito. Patuloy din na ipinapanalangin si Husserl ni Stein noong ito'y naging madre na sa pangalang Teresa Benedicta ng Krus. Tingnan Edith Stein, "Husserl and Aquinas: A Comparison," in *Knowledge and Faith*, trans. by Walter Redmond (Washington, D.C: ICS Publications, 2000), 1–63; Edith Stein, "Letter to Sr. Adelgundis Jaegerschmid, OSB, 23 March 1938," in *Self-Portrait in Letters (1916-1942)*, trans. by Josephine Koeppel, O.C.D. (Washington, D.C.: ICS Publications, 1993), 272.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

kay Husserl ang problema tungkol sa empathy.[34] Tinalakay ni Husserl ang empathy sa kanyang *Cartesian Meditations*[35] gayondin sa nabanggit nang *Ideas*.[36] Sa pilosopiya ni Husserl, tumutukoy ang empathy sa ugnayan ng isip ko at isip ng iba o ng isip ko at karanasan ng iba. Empathy samakatuwid ang susì sa pagunawà sa bisà ng penomenolohiya.[37] Sa isa pang paliwanag, tinutukoy ng empathy ang katotohanan na may iba't ibang kamaláyan ang tao, ibig sabihin, iba't ibang paraan ng pagdanas at pagtukoy sa mundo at bawat isang kamaláyang ito ay bahagì ng sarili kong kamalayan sa iisang mundong ginagalawan namin.[38] Malaking problema ang empathy sa mga pilosoper gaya ni Husserl na nakahulma ang isip sa isang transendental na penomenolohiya. Nang binakuran ng transendental na penomenolohiya sa isip ng tao, inakalà nitong isang imposibilidad ang pagtawid ng isip sa ibang tao na may sarili at naiibang karanasan at may sarili at naiibang kamaláyan.

Ang problemang ito ang tinangkâng lunasan ni Stein sa kanyang akdâng *On The Problem of Empathy*, na siya rin niyang doktoral na disertasyon. Sa batayang palagay pa lámang, ipinakita ni Stein kung paano naiiba kay Husserl ang kanyang konsepto ng empathy. Kung para kay Husserl, ang empathy ay problema kung paano magtatagpô ang ako at hindî-ako, para Stein, ang empathy ay reyalidad ng pundamental na tagpôang ito.[39] Sa pagbabago sa pokus ng empathy, binago rin ni Stein ang direksyon ng pananaliksik ng penomenolohiya. Hindî na ito tungkol sa akin lámang kundî tungkol rin sa aking kapwà-tao. Hindî na ito tungkol lámang sa aking kamalayan kundî sa aking ugnayan sa iba. Hindî na ito tungkol sa karanasan ko lámang kundi sa kung ano ang mararanasan pa lang kasama ng iba.[40] Walâng nag-iisang indibidwal para kay Edith Stein; kahit sino ay may kapwà-tao at laging kapwà-tao rin sa iba. Walâ ring mundo na masasabi kong akin lámang; ang mundo ay laging atin. Tinatawag itong mundo sapagkat nakapaloob dito ang maraming bagay at maraming taong gaya ko.[41] Ang teorya ng empathy ni Stein ang batayan ng panukalàng tugon sa krisis ng anti-intelektwalismo na gaya ng nabanggit na ay bunga ng intelektwalismo na pinasinayàan ni Kant. Maaarìng kahit si Kant ay mabibiglâ kung malalaman niya na ang hámon niya na mangahas mag-isip ay mauuwî sa pananamlay mag-isip ng kasalukuyang sibilisasyon. Itinuturing kong

---

[34] Edith Stein, *Life in a Jewish Family*, trans. by Josephine Koeppel, O.C.D. (Washington, D.C.: ICS Publications, 1986), 269–270.

[35] Edmund Husserl, *Cartesian Meditations: An Introduction to Phenomenology*, trans. by Dorion Cairns (Berlin: Springer Science+Business Media Dordrecht, 1960), 92.

[36] Husserl, *Ideas*, 170–180.

[37] *Ibid*., 170–171.

[38] Husserl, *Cartesian Meditations*, 134–135.

[39] Stein, *On the Problem of Empathy*, 29.

[40] *Ibid*., 38–39.

[41] *Ibid*., 56–57.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

alternatibo ang intelektwalismo na mahahangò kay Stein sapagkat hindî lámang ito epistemolohikal; may dimensyon din itong etikal at politikal gaya ng ilalahad ko sa susunod na bahagì. Ito ang dahilan kung bakit ipinapalagay ko na posibleng maging isang epektibong instrumento ang konsepto ng empathy ni Stein para surìin ang krisis ng anti-intelektwalismo at problema ng demokrasya sa ating bansâ.

## Isang Kritikang Politikal Batay kay Edith Stein

Ang teorya ng empathy, gaya ng naisaad na, ay minana ni Stein kay Husserl at naging batayan ng isang urì ng penomenolohiya na bagaman gáling sa kanyang maestro ay tahasang naiiba. Ang pagkakaibang ito ay bunga na rin ng desisyon ni Stein na iwasan ang transendental na direksyon ni Husserl at bumuô ng isang penomenolohiya na nagtatampok hindî lámang sa indibidwal na kamalayan kundî pati na rin sa pundasyon ng likás na kaugnayan ng kamalayang ito sa iba.[42] Ang perspektibong ito ang nais kong gamitin para ipakita kung paano posibleng magamit ang teorya ng empathy ni Stein upang surìin ang krisis ng anti-intelektwalismo na isa sa pinaka-dominanteng patolohiya ngayon ng modernong demokrasya. Ngunit bago ko tukoyin ang paksâng ito, nais kong linawin na ang teorya ng empathy ni Stein ay hindî lantaran at hindî rin literal na konseptong politikal. Nagkaroon lámang ito ng kulay na politikal dahil mas pinilì ni Stein na lampasan ang limitasyon (o hubris) ng transendental na penomenolohiya at gawing mas etikal o makatao ang batayan ng kamalayan.[43] Ang ilang tahasang akdang politikal ni Stein ay kakikitaan din ng ganitong diin na etiko-politikal.[44] Sa mga obrang ito, kapansin-pansin ang kanyang pagtatampok sa nosyon ng pagkatao bílang pinagsasaluhang karanasan sa halip na ituring itong pribado o indibidwal lámang. Mababása rin sa isa sa kanyang mga naunang mahalagang sanaysay, ang *Sentient Causality*, ang paglalahad niya ng isang antropolohiyang nagtatampok sa likás na pagiging mapaghanap ng tao ng kahulogan at ang kahulogang ito, ayon kay Stein, ay matatagpôan lámang ng tao sa pakikipagkapwà.[45] Sa isa pang sanaysay, ang *Individual and Community*, tinukoy ni Stein ang pagkakaiba ng komunidad at asosasyon sa pamamagitan ng pagtukoy sa organikong karakter ng una at pagkakaroon ng eksternal ng batayan ng hulí. Dahil nakaugat ang natura ng komunidad sa natura ng tao, posible lámang makamit ng tao ang kanyang kaganapan sa

[42] *Ibid*., 63.

[43] *Ibid*., 89.

[44] Tingnan Edith Stein, *Investigation Concerning the State*, trans. by Marianne Sawicki (Washington, D.C.: ICS Publications, 2006); Edith Stein, *Essays on Woman*, trans. by Freda Mary Oben (Washington, D.C.: ICS Publications, 1996).

[45] Stein, *Philosophy of Pyschology*, 39–48.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

loob ng isang komunidad.[46] Sa kanyang pangatlong sanaysay, *An Investigation of the State*,[47] nilinaw naman ni Stein na ang estado ay hindî komunidad kundî kasangkapan lámang ng komunidad. Ang pagiging matatag samakatuwid ng isang estado ay nakasalalay sa kakayanan nito na mapalakas ang mga komunidad na bumubuô sa kanya.[48] Hindî gaya ng ibang teoryang politikal na ang batayan ay pagtatatag ng estado o kayâ banggâan ng mga institusyon o kayâ proteksyon ng pribadong arì-arîan, ang teoryang politikal ni Edith Stein ay nagmumulâ sa kanyang pilosopikal na antropolohiya na higit pang pinagyaman ng kanyang natutonan sa mga gaya nila Max Scheler, Roman Ingarden, Santa Teresa ng Avila at Santo Tomas de Aquino. Mangangahas akong sabihin na ang teorya ng empathy rin ang batayan ng personalismo ni Edith Stein; ito rin ang gagamitin kong batayan ng inihahain kong bersyon ng intelektwalismo laban sa kontradiksyon nito. Nagpapahiwatig ang empathy ng isang naiibang urì ng intelektwalismo. Sinabi kong naiiba dahil isang urì ito ng intelektwalismo na parang hindî intelektwalismo. Sa isang banda, intelektwalismo ito sapagkat praktika ito ng paghahanap sa kahulogan; gayonpaman, parang hindî rin ito intelektwalismo sapagkat hindî nito pinapalagay na ang nasabing kahulogan ay *eidos* na nagagagáp ng isip ng tao kundî isang karanasang nagaganap sa pamamagitan ng pakikipagkapwà.[49] Sa halip na tularan si Husserl sa paggamit ng empathy bílang sangkap lámang ng transendental na penomenolohiya, ibig sabihin, sa paghahanap ng klaro at tiyak na ideya, itinuring ni Edith Stein ang empathy bilang sentro ng kanyang proyektong penomenolohikal. At dahil batid niyang malaking bahagì ng pakikipagkapwà ang pagtayâ, hindî niya prayoridad ang makasiguro.[50] Sapat nang katiyakan ang pagturing sa ibang tao at sa naiibang karanasan nila bílang bukal ng kahulogan; sa pagturing na ito, tinutulongan din nila ako na makilala ang aking sarili sa pamamagitan ng pagturing nila sa akin bílang kapwà nila.[51] Sa pamamagitan ng empathy, nagkakaroon ng mas masiglang komunikasyon na siyang daan upang makabuô ng isang komunidad.[52] Sa simulâ ng papel na ito, nabanggit ko ang patuloy na pagbabâ ng kalidad ng intelektwalismo sa bansâ, ibig sabihin, patuloy na bumababâ ang kalidad ng

---

[46] *Ibid*., 261–275.

[47] Ang tatlong sanaysay na nabanggit ay pawang nalathalà sa *Jahrbuch* (1922 at 1925), ang journal na sinimulan at pinamatnugotan ni Husserl para sa mga lathalàing penomenolohikal ng kanyang mga estudyante at disipulo. Ang mga ito rin ang kumakatawan sa tinatawag na penomenolohikal na yugtô ng historyang intelektwal ni Stein. Tingnan Stein, *Philosophy of Psychology*, xxi.

[48] Stein, *Investigation*, 32–37.

[49] Stein, *On the Problem of Empathy*, 96–97.

[50] *Ibid*., 107.

[51] *Ibid*., 115.

[52] Stein, *Philosophy of Psychology*, 264–272.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

komunikasyon natin sa isa't isa dahil bigô tayong patatagin ang ating mga sarili bílang komunidad. Sa kasalukuyan, madalas pagkamalîan na ang mabilis at madalas na palitan ng mensahe sa iba't ibang platform ng social media ay isang komunikasyon. Sinabi kong madalas pagkamalîan sapagkat kung paniniwalàan si Stein, posible lámang ang komunikasyon sa pakikipagkapwà at posible ang pakikipagkapwa dahil may komunidad.[53] Parehong mahirap ang dalawang ito sa simpleng palitan ng elektronikong mensahe. Maraming nabubuông mga grupo ngayon—DDS, Marcos Loyalists, Kakampinks—pero hindî sila mga komunidad. Ang eksternal na batayan ng kaisahan ng mga grupong ito ang humahadlang sa kanila na maging komunidad. Sabi nga ni Stein, ang komunidad ay kinakatawan ng organikong relasyon ng mga kasapì nito sa isa't isa. Hindî sila pinapagalaw o minamanipula ng sinoman o anoman mulâ sa labas; kumikilos sila ayon sa udyok ng pakikipagkapwà.[54] May posibilidad sana tayong makabuô ng komunidad sa akademya pero dahil napanghimasokan na rin ang unibersidad ng liberalismo, mas nananaig ang pagkakanya-kanya sa maraming disiplina sa halip na makapagtatag ng isang kolektib na binibigkis ng iisang adhikà. Kahit sa loob ng akademya samakatuwid, mararamdaman din ang krisis ng intelektwalismo. Hindî sagot ang pag-organisa o pagdalo sa maraming seminar o konperensya para matugonan ang krisis na ito lalò kung walâng awtentikong paguusap o pakikinig na nagaganap sa mga nabanggit na akademikong pagtitipon. Nagiging palabas na lámang ang pagdalo sa mga ganito sapagkat walâng tuloy-tuloy na diskursong nagaganap pagkatapos. Hindî naiiba ang ganitong kalagayan sa lumalalâng politikal na kalagayan ng bansâ na gaya ng nabanggit na ay pinamamayanihan ng populismo at anti-intelektwalismo. Gaya ng ibang mananaliksik, tinitingnan ko ang mga naturang penomenon bílang patolohiya ng demokrasya. Sa kabaligtaran, ipinapalagay naman ito ng ilan bílang isang anyô ng tinatawag nilang radikal na demokrasya.[55] Hindî ko tinututolan ang pagtangkilik sa radikal na demokrasya ngunit sa tingin ko'y problematiko ang tila pilit na pagtumbas ng radikal na demokrasya sa populismo. Batid ko na hangad ng radikal na demokrasya na palawakin ang base ng politika pero sa tingin ko'y malîng isipin na mangyayari ito sa pamamagitan ng bersyon ng populismo na mayroon tayo sa bansâ ngayon. Kung mayroon mang nagagawâ ang populismo sa bansâ, ito ay ang gawing mas marupok ang base ng demokrasya sa pamamagitan ng pagkasangkapan sa mga tao at panlilinlang sa kanila para sa partisan na agendang politikal ng mga nakikinabang sa

[53] *Ibid*., 238–241.

[54] *Ibid*., 241–244.

[55] Tingnan ang Christopher Ryan Maboloc, *Radical Democracy in the Time of Duterte* (Cotabato City, Philippines: ElziStyle Bookshop, 2022).

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

ganitong kalagayan.[56] Makikita sa sitwasyong ito kung paano maiuugnay ang liberalismo sa populismo at ang dalawang ito sa anti-intelektwalismo. Ang populismo ay kaliponan ng mga táong pare-parehong naniniwalà na may sarili silang pasya, na hindî sila madidiktahan at nasa panig nila ang katotohanan. Walâ silang ibang kapwà kundî ang gaya nila. At kung hindî nila sila kagaya, kaagad itong itinuturing na kaaway. Binibinyagan ang mga kaaway na ito ng ibang pangalan upang mas tumingkad ang kanilang pagiging naiiba.[57] Ang pagturing sa tao bílang kaaway dahil lámang siya ay naiiba ay hindî makatutulong sa pagpundar ng isang komunidad; hindi rin ito makatutulong sa pagpapadaloy ng komunikasyon na siyang susì ng awtentikong pakikipagkapwà. Mas magiging matibay at masigla ang demokrasya kung magagawâ nating paramihin at palawakin ang pag-iral ng iba't ibang komunidad sa halip na magparami at magdagdag lámang ng bílang ng mga tagasunod ng kani-kanyang kampo. Hindî nangangahulogan na mayroon agad komunidad kapag nagsama-sama ang mga indibidwal na may iisang layon. Hindî kusàng nangyayari ang pagiging-komunidad; kailangan itong pag-isipan; kailangan ding pagpasyahan. Higit sa lahat, kailangan itong pag-usapan sapagkat natural ang pagkakaiba-iba sa isang komunidad. Kayâ nabanggit ko kanina na ang intelektwalismo ni Stein ay parang intelektwal na parang hindî. Sapagkat, ayon sa kanya, ang empathy na maaaring maging daan tungo sa tiyak na kaalaman gaya ng hangad ni Husserl ay posible ring maging instrumento ng pagkilala at pagtanggap sa kanya o kanila bagaman naiiba o hindî agad nakikilala.[58] May alingawngaw ang púnto ni Stein sa minsang sinabi ni Leni Robredo: mas radikal ang magmahal. Upang maging mamamayan, kailangan ng tao na maalalang siya ay kapwà. Ang pagiging kapwà ang simulâ ng paglawak ng ating kamalayan. Hindî lang minsan nating nadinig ang katotohanang ito ngunit tíla matagal pa bago natin ito matutonan. Ito ang dahilan kung bakit, sa tingin ko, mananatilìng napapanahon ang pagaaral sa penomenolohiya at intelektwalismo na mapupulot kay Edith Stein.

## Konklusyon

Inihayag ko sa papel na ito ang diskurso tungkol sa intelektwalismo bílang problemang pilosopikal at politikal. Ang nabanggit na isyu ng intelektwalismo ay tumutukoy sa patuloy na pagbabâ at sa ibang

[56] John Vincent A. Cabañes and Jayeel S. Cornelio, "The Rise of Trolls in the Philippines (And What We Can Do About It)" in Nicole Curato, *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency* (Quezon City, Philippines: Bughaw, 2017), 231–250.

[57] Patricia Evangelista, *Some People Need Killing: A Memoir of Murder In My Country* (New York: Random House, 2023), 94–124.

[58] Stein, *Philosophy of Psychology*, 206–209.

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

pagkakataon, tuloyang pagkawalâ ng kalidad ng diskursong politikal sa bansâ. Tinukoy ko ang ugat ng ganitong problema sa tradisyon ng Ilustrasyon na pinakilala ni Kant. Adhikà ni Kant at Ilustrasyon ang kalayàan ng tao. Ang bunga ng adhikàng ito ang kultura ng liberalismo. Pangunahing halaga sa liberalismo ang pagtatampok sa indibidwal. Nang ipinagpatuloy ni Husserl ang proyekto ni Kant sa kanyang penomenolohiya, pinagtibay din niya ang pagtatangì sa indibidwal na siyang itinatampok ng liberalismo. Ang mga pilosopikal na kaisipan ng mga katulad ni Kant at Husserl ang nagbigay ng teyoretikal na lehitimasyon sa dominasyon ng liberalismo hanggang sa ngayon. Ang katibayan ng dominasyong ito ay makikita sa paglaganap ng populismo. Nabanggit ko sa papel na ang populismo ay ang sukdolang bunga ng pagsasanib-pwersa ng liberalismo at anti-intelektwalismo. Kinakatawan ng populismo ang kaliponan ng mga indibidwal na naniniwalàng ang sarili ang tangìng pamantayan ng dapat at totoo kayâ walang dahilan upang magsulong ng diskurso. Bílang tugon sa problemang ito, prinesenta ko ang penomenolohiya ni Edith Stein, partikular ang kanyang nosyon ng empathy, bílang batayan ng sinasabi kong naiibang intelektwalismo. Tinuring kong naiiba ang nasabing intelektwalismo dahil prayoridad nito ang paghahanap ng kahulogan kaysa tiyak na kaalaman na siyang pakay ni Kant at Husserl. Para kay Stein, walâng ibang higit na makahulogan kaysa kapwà-tao. Ginamit niya ang salitang empathy para tukoyin ang tagpôan ng tao at ng kanyang kapwà at ang pagdanas niya sa kahulogan na bunga ng tagpôang ito. Tinitingnan din ni Stein ang tao bílang indibidwal ngunit naniniwalà siyang ang pagiging indibidwal nito ay nakaugat sa loob ng isang komunidad. Hindî niya nakikitang magkasalungat ang indibidwal at komunidad kundi magkarugtong at magkatuwang. Itinuturing ko ang empathy bílang isang napapanahong ekspresyon ng intelektwalismo na posibleng maging lente ng kritikang politikal na magagamit sa pagsusuri ng kalagayan ng demokrasya sa bansâ. Sa penomenolohiya ni Stein, hindî ang kampihan ng mga indibidwal kundî ang pagtatatag ng mga komunidad ang magpapatibay at magpapasigla sa politika. Nabanggit ko na ito ay naiibang intelektwalismo dahil hinahamon tayo nitong mag-isip, manimbang at magpasya kung paano maging tao at makipagkapwà-tao. Hangad ng nasabing intelektwalismo ang pagsasaradikal hindî lámang ng demokrasya kundî ng mismong politika sa pamamagitan ng pagpapaalala sa atin na ang pagiging mamamayan ay nagsisimulâ sa pagiging mabuting tao at pagiging mabuting kapwà.

*Department of Philosophy*
*Research Center for Theology, Religious Studies, and Ethics*
*University of Santo Tomas, The Philippines*

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

## References

Abinales, Patricio N. and Donna J. Amoroso, *State and Society in the Philippines* (Oxford, UL: Rowman and Littlefield, Inc., 2005).

Augustine, *De Doctrina Christiana*, trans. by R.P.H. Green (Oxford: Clarendon Press, 1995).

Beiser, Frederick C., *The Fate of Reason: German Philosophy from Kant to Fichte* (Massachusetts: Harvard University Press, 1993)

___________, *The Genesis of Neo-Kantianism, 1796-1880* (Oxford: Oxford University Press, 2017).

Bowring, Philip, *The Making of the Modern Philippines: Pieces of a Jigsaw State* (London: Bloomsbury Academic, 2022).

Brentano, Franz, *Psychology from an Empirical Standpoint*, trans. by Linda L. McAlister et al. (London: Routledge, 2009).

Cabañes, John Vincent A. and Jayeel S. Cornelio, "The Rise of Trolls in the Philippines (And What We Can Do About It)," in Nicole Curato, *A Duterte Reader: Critical Essays on Rodrigo Duterte's Early Presidency* (Quezon City, Philippines: Bughaw, 2017).

Claudio, Lisandro E., *Jose Rizal: Liberalism and the Paradox of Coloniality* (Switzerland: Palgrave Macmillan, 2019).

Evangelista, Patricia, *Some People Need Killing: A Memoir of Murder In My Country* (New York: Random House, 2023).

Guillermo, Ramon, *Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal's Guillermo Tell* (Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press, 2009).

Hegel, G.W.F., *Outlines of the Philosophy of Right*, trans. by T.M. Knox (Oxford, UK: Oxford University Press, 2008).

Heidegger, Martin, *Being and Time*, trans. by John Macquarrie and Edward Robinson (Oxford: Blackwell, 2001).

Husserl, Edmund, *Cartesian Meditations: An Introduction to Phenomenology*, trans. by Dorion Cairns (Berlin: Springer Science+Business Media Dordrecht, 1960).

___________, *Ideas Pertaining to a Pure Phenomenology and to a Phenomenological Philosophy*, trans. by Richard Rojcewicz and Andre Schuwer (Boston: Kluwer Academic Publishers, 1989).

___________, *Logical Investigations*, trans. by J.N. Findlay (London: Routledge, 2001).

___________, *The Idea of Phenomenology*, trans. by Lee Hardy (Boston: Kluwer Academic Publishers, 2010).

Ingarden, Roman, *On the Motives which led Husserl to Transcendental Idealism*, trans. by Arnor P. Hannibalsson (The Hague: Martinus Nijhoff, 1975).

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330
(cc) BY-NC-ND

Kant, Immanuel, *Critique of Pure Reason*, ed. and trans. by Paul Guyer and Allen Wood (Cambridge, UK: Cambridge University Press, 2000).

__________, .*What is Enlightenment?*, trans. by Ted Humphrey (Indianapolis: Hackett Publishing, 1992), <https://www.nypl.org/sites/default/files/kant_whatisenlightenment.pdf>.

Lessing, Gotthold Ephraim, "The education of the human race," in *Philosophical and Theological Writings*, ed. and trans. by H. B. Nisbet (Cambridge: Cambridge University Press, 2005).

Luther, Martin, *Treatise on Good Works* (1520), <https://www.gutenberg.org/files/418/418-h/418-h.htm#treatise>.

Maboloc, Christopher Ryan, *Radical Democracy in the Time of Duterte* (Cotabato City, Philippines: ElziStyle Bookshop, 2022).

Magno, Francisco A., "Contemporary Populism and Democratic Challenges in the Philippines," in Sook Jong Lee et al. eds., *Populism in Asian Democracies: Features, Structures, and Impacts* (Boston: Brill, 2020).

McCoy, Alfred ed., *An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines* (Wisconsin: The University of Wisconsin Press, 2009).

Mendelssohn, Moses, "On Enlightening the Mind," posted by James Schmidt (18 March 2014), <https://persistentenlightenment.com/2014/03/18/moses-mendelssohn-on-enlightening-the-mind/>.

Mojares, Resil B., "Jose Rizal and the Birth of the Social Sciences in the Philippines," in *Budhi: A Journal of Ideas and Culture*, 16:2, (2012), 30–41.

Nietzsche, Friedrich, *The Will to Power*, trans. by William Kaufmann and Richard Hollingdale (New York: Vintage Books, 1968).

O'Hear, Anthony ed., *German Philosophy since Kant* (Cambridge: Cambridge University Press, 1999).

Paraiso, Bryan Anthony C., "Jose Rizal, suspected spy, deciphered,' in *Philippine Daily Inquirer* (22 May 2011), <https://newsinfo.inquirer.net/7951/jose-rizal-suspected-spy-deciphered>.

Parker, Rodney K.B. ed., *The Idealism-Realism Debate Among Edmund Husserl's Early Followers and Critics* (Switzerland: Springer, 2021).

Rawls, John, *Political Liberalism* (New York: Columbia University Press, 1996).

Rex, Richard, "Martin Luther is the patron saint of individualism," in *The Spectator* (31 October 2017), <https://www.spectator.co.uk/article/martin-luther-is-the-patron-saint-of-individualism/>.

Rizal, Jose, "Rizal's Letter to Blumentritt (54), Calamba, 5 September 1887," sa *The Rizal-Blumentritt Correspondence, Volume I* (Manila: National Historical Institute, 1992).

Speigelberg, Herbert, *The Phenomenological Movement: A Historical Introduction. Volume I (Second Edition)*, (The Hague: Martinus Nijhoff, 1965).

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330

(cc) BY-NC-ND

Stein, Edith, "Husserl and Aquinas: A Comparison," in *Knowledge and Faith*, trans. by Walter Redmond (Washington, D.C: ICS Publications, 2000).

___________, "Letter to Sr. Adelgundis Jaegerschmid, OSB, 23 March 1938," in *Self-Portrait in Letters (1916-1942)*, trans. by Josephine Koeppel, O.C.D. (Washington, D.C.: ICS Publications, 1993).

___________, *On the Problem of Empathy*, trans. by Walraut Stein (Washington, D.C.: ICS Publications, 1989).

___________, *Essays on Woman*, trans. by Freda Mary Oben (Washington, D.C.: ICS Publications, 1996).

___________, *Investigation Concerning the State*, trans. by Marianne Sawicki (Washington, D.C.: ICS Publications, 2006).

___________, *Life in a Jewish Family*, trans. by Josephine Koeppel, O.C.D. (Washington, D.C.: ICS Publications, 1986).

___________, *Philosophy of Psychology and the Humanities*, trans. by Mary Catherine Baseheart and Marianne Sawicki (Washington, D.C.: ICS Publications, 2000).

Thomas Aquinas, *De Veritate*, 11.1, <https://isidore.co/aquinas/QDdeVer11.htm#1>.

Taylor, Robert S., "The Progress of Absolutism in Kant's Essay 'What Is Enlightenment?,'" in Elizabeth Ellis, *Kant's Political Theory: Intepretations and Applications* (Pennsylvania: The Pennsylvania State University Press, 2012).

Weston, Nathaniel Parker, *Specters of Germany: Colonial Rivalry and Scholarship in the Philippine Reform Movement and Revolution* (Quezon City, Philippines: Ateneo de Manila University Press, 2021).

© 2026 Jovito V. Cariño
https://doi.org/10.25138/19.3.a4
https://www.kritike.org/journal/special_issue_2026a/carino1_january2026.pdf
ISSN 1908-7330